


# MGA KARAPATAN HABANG IKAW AY NASA CUSTODIAL INVESTIGATION

Matatawag na nasa custodial investigation ang sino mang naaresto at iniimbestigahan habang siya ay hawak ng mga pulis o sino mang umaresto sa kanya na awtoridad. Kabilang sa custodial investigation ang pagtatanong o pagsisiyasat sa sino mang "inimbitahan" ng pulis o awtoridad sa presinto o himpilan ng pulis dahil diumano sa paglabag sa batas. Ang mga ito ay nakasaad sa Republic Act No. 7438 o Rights of Persons Arrested, Detained or under Custodial Investigation.



Ikaw ay may karapatang magkaroon ng abogado na ikaw mismo ang pumili. Dapat tiyakin ng mga awtoridad na umaaresto sa iyo na maipagbigay-alam ang karapatang ito sa iyo; at



Kung ikaw ay nagpasyang magbigay ng salaysay, dapat tiyakin ng mga awtoridad na umaaresto na nakasulat ito. Kung sakaling ikaw ay hindi makababasa o makasusulat, kailangang tiyakin ng awtoridad na bago mo ilagay ang iyong thumb mark sa salaysay, nabasa ito ng abogado na iyong pinili o abogadong ipinagkaloob sa iyo at lubos mong naiintindihan ang nilalaman ng testamento.

Habang nasa custodial investigation, dapat tiyakin ng mga opisyal o awtoridad na umaresto at sumisiyasat sa iyo na maipapatupad ang iyong karapatan na bisitahin at makausap ng miyembro ng iyong pamilya, ng iyong doktor, pari o ministro ng iyong relihiyon na iyong pinili o ng iyong kamag-anak o kaya nama'y pinili ng iyong abogado at sa tulong ng mga non-government organizations, mapa-lokal man o internasyunal.




Dapat ipaalam sa iyo ng mga awtoridad na umaaresto o sumisiyasat, sa pamamagitan ng wika o diyalektong naiintidihan mo, ang mga sumusunod:



Na mayroon kang karapatang magsawalang-kibo;



Na hindi dapat tanggaping ebidensya laban sa iyo ang ano mang pagtatapat o pag-amin na nakuha nang hindi ayon sa kaparaanan ng batas;



Na ikaw ay may karapatang magkaroon ng abogado na may kakayahan at ikaw ang pumili;



Na kung hindi mo kayang kumuha ng abogado, kinakailangang pagkalooban ka ng isa; at

Karapatan mong ipabatid sa iyo ang mga karapatang ito.

## PAALALA!!!

Kung ikaw ay inaresto na walang warrant of arrest, at ikaw ay nasa kustodiya na ng pulis, dapat sumailalim ka kaagad sa pagsisiyasat sa pamamahala ng isang piskal o taga-usig. Ang prosesong ito ay tinatawag na inquest proceedings at layun nitong matiyak kung ang pag-aresto sa iyo na walang warant ay ligal.

Kung ikaw ay nagpasya na nais mo ng paunang imbestigasyon o preliminary investigation at iurong ang iyong mga karapatan, dapat kang dalhin ng opisyal o awtoridad na umaresto sa iyo sa piskal o taga-usig para sa inquest proceedings, kabilang ang mga testigong maihaharap mo sa hukuman sa ilalim ng panunumpa o patotoo kabilang ang mga sinumpaang salaysay ng mga testigo laban sa iyo. Siguraduhin mong makadalo ka sa inquest proceedings, maliban lamang kung ikaw ay naospital, nakakulong sa maximum security detention, kung ang pagharap mo sa hukuman ay maaaring magbunga ng matinding panganib sa kaligtasan o dahil sa katandaan, kalagayan ng pangangatawan at iba pang kadahilanan. Magsisimula ang inquest proceedings kapag ang piskal o ang inquest prosecutor ay tumanggap na ng mga papeles at katibayan sa pag-aresto sa iyo, sinumpaang salaysay laban sa iyo, sinumpaang salaysay ng mga testigo, at iba pang ebidensya na kinalap ng awtoridad sa pamamagitan ng kanilang imbestigasyon sa pangyayari o insidente na kung saan ikaw ay may kinalaman. Habang nasa inquest, tiyakin na ang mga papeles, ebidensya at sinumpaang salaysay ng mga testigo na tinanggap at iniharap sa piskal ay sumailalim sa panunumpa o patotoo.

Kung ikaw ay maralita o indigent, ikaw ay may karapatan sa malayang pagdulog sa hukuman.

### RA No. 6033

Nakasaad sa RA No. 6033 o "An Act Requiring Courts to Give Preference to Criminal Cases where the Party or Parties Involve Are Indigents" na dapat bigyan ng sapat na tulong pambatas at pagtuunan ng atensyon ng hukuman at kalupunang mala-panghukuman ang mga paglilitis at pagdinig sa mga pag-uusig kriminal na kung saan ang nasasakdal o naghabla ay maralita o indigent. Ang sino mang nasakdal na walang pinagkakakitaan o hindi sapat ang kinikita pangtustos sa kanyang pangangailangan at pamilya ay maituturing na indigent litigant ayon sa Seksyon 2 ng RA No. 6033.

### RA No. 6034

Nilalayan din ng RA No. 6034 o "An Act Providing Transportation and Other Allowances for Indigent Litigants" na bigyan ng sapat na tulong pambatas ang mga maralita o indigent sa pamamagitan ng paghiling sa hukuman na bigyan siya at ang kanyang mga testigo ng sapat na pampamasaha o travel allowance upang sila ay makapunta at makaharap sa pagdinig ng kanyang kaso.

### RA No. 6035

Isinasalang-alang ng RA No. 6035 o "An Act Requiring Stenographers to Give Free Transcript of Notes to Indigent and Low Income Litigants and Providing a Penalty for the Violation Thereof," ang sino mang kinasuhang indigent sa pamamagitan ng kanyang abogado o kinatawan – pasalita man o pasulat – ay dapat humingi sa stenographer ng korte ng libreng kopya ng transcript of notes (TSN) ng korte, at isumite o ipabatid ang kahilingan na ito sa piskal o hukom ng hukuman o kalupunang mala-panghukuman.

Kung mayroon kang nais idulog na suliranin tungkol sa iyong karapatang pantao, tumawag o sumulat sa

## Commission on Human Rights

Globe: 0936-068-0982 Smart: 0920-506-1194  
Email: chad.pasco.chr@gmail.com

